## Tala: 1

Epididymitis(includes abstract) Badash M; Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052376

Abstract: Ang acute epididymitis ay pamamaga ng epididymis. Ito ay bahaging may hubog na parang tubo na pumapaligid at nakakabit sa bawat itlog ng bayag. Tumutulong ang epididymis na maglipat at mag-ipon ng mga selula ng semilya. Nagdudulot ang talamak na epididymitis ng pananakit at pamamaga sa epididymis. Madalas na walang pamamaga sa supot ng bayag. Nagtatagal ang mga sintomas nang anim na linggo o mas matagal pa. Ngunit ang uring ito ay mas hindi karaniwan.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Epididymitis

**(Epididymo-orchitis)**

ni: Michelle Badash, MS

[View English Version]


Pagkakabigkas: Ep-i-did-uh-MY-tis

### Kahulugan

Ang acute epididymitis ay pamamaga ng epididymis. Ito ay bahaging may hubog na parang tubo na pumapaligid at nakakabit sa bawat itlog ng bayag. Tumutulong ang epididymis na maglipat at mag-ipon ng mga selula ng semilya.

Nagdudulot ang talamak na epididymitis ng pananakit at pamamaga sa epididymis. Madalas na walang pamamaga sa supot ng bayag. Nagtatagal ang mga sintomas nang anim na linggo o mas matagal pa. Ngunit ang uring ito ay mas hindi karaniwan.

**Ang Epididymis**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

### Mga Sanhi

Ang kondisyong ito ay madalas na dulot ng impeksiyon dahil sa bacteria. Halimbawa:

- Impeksiyon ng urinary tract
- Sexually transmitted diseases (STDs) o mga sakit na naikakalat sa pagkikipagtalik, gaya ng chlamydia at gonorrhea
- Impeksiyon ng urethra ( urethritis )

- Impeksiyon ng prostate ( prostatitis )
- Tuberculosis

Kasama sa mga ibang sanhi ang:

- Pinsala
- Impeksiyon dahil sa virus, gaya ng beke
- Mga abnormalidad sa ari
- Paggamot ng amiodarone (Cordarone), isang gamot para sa ritmo ng puso
- Chemotherapy upang gamutin ang cancer sa pantog

## Mga Nagbibigay Panganib

Tanging mga lalaki ang nagkakaroon ng kondisyong ito. Kasama sa mga nagbibigay panganib ang:

- Edad: 15-30 o lampas 60
- Impeksiyon sa genitourinary tract (pantog, bato, prostate, o itlog ng bayag)
- Pagkipot ng urethra
- Paggamit ng urethral catheter
- Hindi madalas na pag-ihi
- Operasyon kamakailan o paggamit ng instrumento sa genitourinary tract (lalo na ang pagtanggal sa prostate )
- Mga depekto pagkasilang sa genitourinary tract
- Hindi protektadong pakikipagtalik
- Karamdaman na nakakaapekto sa immune system

## Sintomas

Kadalasang nagkakaroon ng mga sintomas sa loob ng isang araw. Kasama dito ang mga:

- Pananakit sa mga itlog ng bayag
- Biglaang pamumula o pamamaga ng supot ng bayag
- Paninigas, bukol, at/o pananakit sa apektadong itlog ng bayag
- Pananakit ng hindi apektadong itlog ng bayag kapag hinahawakan ito
- Pananakit ng singit
- Pangingiki
- Lagnat
- Pamamaga ng urethra
- Pananakit habang nakikipagtalik o nagpapalabas ng semilya
- Pananakit at/o paghapdi habang umiihi
- Tuminding pananakit habang dumudumi
- Kawalan ng ginhawa sa ibabang bahagi ng tiyan
- Lumalabas na likido mula sa ari
- Dugo sa semilya

## Pagsuri

Magtatanong ang iyong doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Urinalysis—upang tingnan kung may mataas na bilang ng white blood cell (WBC) at ang pagkakaroon ng bacteria
- Urine culture —upang malaman ang uri ng naroong bacteria
- Pagpaparami sa laboratoryo ng lumalabas na likido mula sa ari
- Pagsusuri sa dugo—upang sukatin ang bilang ng white blood cell (WBC)
- Ultrasound—isang pagsusuring gumagamit ng sound waves upang maeksamen ang supot ng bayag

## Paggamot

Mahalaga ang paggamot upang maiwasan ang paglala ng impeksiyon. Maaaring kasama sa paggamot ang:

- Pamamahinga nang nakahiga—Manatili sa kama. Ito ay upang pigilan ang mga itlog ng bayag sa paggalaw at tulungan ang paggaling. Maaaring kailanganin mong magpahinga nang nakahiga hanggang mawala ang pamamaga.
- Antibiotics—Bibigyan ka ng mga antibiotic upang gamutin ang impeksiyong dulot ng bacteria. Inumin lahat ng iyong mga antibiotic, kahit pa bumubuti na ang iyong pakiramdam. Kung mayroon kang STD , mangangailangan rin ang iyong mga katalik ng paggamot.
- Mga iniinom na gamot kontra pamamaga—Kabilang dito ang mga gamot, gaya ng ibuprofen , upang tumulong na bawasan ang pamamaga.
- Pagtaas at suporta sa supot ng bayag—Maaaring kailangan mong magsuot ng athletic supporter nang ilang linggo.
- Maiinit na paligo—Maaaring maibsan ng panliligo ang pananakit at tumulong na maibsan ang pamamaga.
- Operasyon—Maaaring kailangan ang operasyon sa mga malubhang kasong pabalik-balik.

Huwag makipagtalik hanggang nakumpleto mo at ng iyong katalik ang paggamot.

## Pag-iwas

Makakatulong ang mga sumusunod na hakbang upang bawasan ang iyong panganib:

- Sanayin ang ligtas na pakikipagtalik. Protektahan ang iyong sarili laban sa mga STD sa pamamagitan ng paggamit ng mga condom .
- Umihi kaagad kapag kailangan.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052376